# PATERNO BALOLOY JR.

Si Paterno "Pat" Baloloy, Jr. ay awtor ng librong Agam-agam ng Langgam: Mga Tulang Pambata. Siya rin ay naging 2018 writing fellow ng 18th IYAS National Writers' Workshop ng De La Salle University - Manila at ng 11th Palihang Rogelio Sicat. Noong 2018, natamo niya ang unang gantimpala sa kategoryang tula para sa mga bata ng Don Carlos Palanca Memorial Awards. Bago nito, noong 2017, ay nagwagi siya ng ikatlong gantimpala para sa parehong kategorya ng Palanca. Naging writing fellow rin siya sa 14th Ateneo National Writers' Workshop ng Ateneo de Manila University noong 2016. Sa kasalukuyan, siya ang Senior High School Coordinator ng Calauag National High School sa Calauag, Quezon, at kumukuha rin siya ng MFA Creative Writing sa De La Salle University, Manila.

# DISKURSO

Malagim ang sinapit
ng mga dahong bumitaw
sa pangako ng pagtitimpi,
sa pagtabon ng pangarap:
nalugsong pangitain sa pagsilip
sa sinag ng kaligayahan.
Hindi madukal na siphayo
ang umaaligid sa pisngi,
pilit iwinawaglit
ang gahiblang siwang
ng kaluluwa't ulirat
habang binabalot
ng pagkalito
ang buong katawan.

Kahit ang walis
ay ayaw dumampi
sa pangamba na may balik
ang liku-likong panalangin,
naglalaban ang dasal
sa usal ng nagdidiliryong dahon
na may nilulusaw na patibong.

Tatambad sa lahat:
ang tunay na kati
ay wala sa kislot ng putik
at pilantik ng sanga:
makikita ito
sa pagsungaw ng higad.